Pagtuklas • Pag-unawa • Pagtugon

# BIBLE STUDY

## Mateo 28:16-20; 2 Corinto 5:14-21

SMALL GROUP SESSIONS

March 20-26, 2022

Kamuning Bible Christian Fellowship

# Mateo 28:16-20; 2 Corinto 5:14-21

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay




PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON




# Mga Taga Roma 13:11-14

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

## Isinugo ni Jesus ang Kanyang mga Alagad


16 Pumunta ang labing-isang alagad sa
Galilea, sa bundok na sinabi sa kanila ni
Jesus. 17 Nang makita nila si Jesus, siya'y
sinamba nila, subalit may ilan sa kanilang
nag-alinlangan. 18 Lumapit si Jesus at
sinabi sa kanila, "Ibinigay na sa akin ang
lahat ng kapangyarihan sa langit at sa
lupa.



# Mga Taga Roma 13:11-14

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)


19 Kaya't humayo kayo, gawin ninyong
alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga
bansa. Bautismuhan ninyo sila sa
pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng
Espiritu Santo. 20 Turuan ninyo silang
sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo.
Tandaan ninyo, ako'y laging kasama
ninyo hanggang sa katapusan ng
panahon."



# 2 Corinto 5:14-21

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)


14 Ang pag-ibig ni Cristo ang naghahari
sa amin, sapagkat natitiyak naming may
isang namatay para sa lahat, kung kaya't
ang lahat ay maibibilang nang patay. 15
Namatay siya para sa lahat upang ang
mga nabubuhay ngayon ay huwag nang
mabuhay para sa sarili, kundi para kay
Cristo na namatay at muling nabuhay
para sa kanila.



# 2 Corinto 5:14-21

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)


16 Kaya ngayon, ang pagtingin namin sa
bawat tao ay hindi na batay sa sukatan
ng tao. Noong una'y ganoon ang aming
pagkakilala kay Cristo, ngunit ngayo'y
hindi na. 17 Kaya't kung nakipag-isa na
kay Cristo ang isang tao, isa na siyang
bagong nilalang. Wala na ang dati
niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan
na ng bago.



# 2 Corinto 5:14-21

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)


18 Ang Diyos ang gumawa ng lahat ng ito. Sa pamamagitan ni Cristo, ibinilang niya kaming mga kaibigan at hindi na kaaway, at pinagkatiwalaan niya kami upang maglingkod nang sa gayon ang mga tao ay maging kaibigan rin niya.



# 2 Corinto 5:14-21

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

19 Ang ibig sabihin, sa pamamagitan ni Cristo, ang mga tao'y ibinilang ng Diyos na kaibigan, at hindi na niya tinatandaan ang kanilang mga kasalanan. At kami naman ay inatasan niyang ipamalita ito.



# 2 Corinto 5:14-21

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

20 Kaya nga, kami'y mga sugo ni Cristo; ang
Diyos mismo ang nakikiusap sa inyo sa
pamamagitan namin. Kami'y nakikiusap sa
inyo alang-alang kay Cristo:
makipagkasundo kayo sa Diyos. 21 Hindi
nagkasala si Cristo, ngunit alang-alang sa
atin, siya'y itinuring na makasalanan upang
sa pakikipag-isa natin sa kanya ay maging
matuwid tayo sa harap ng Diyos.

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Bilang isang banal na kinatawan ni Kristo, gagamitin ko ang lahat ng mayroon ako (panahon, talino, at kayamanan) para akayin ang iba kay Hesus at gawin silang tagasunod para sa ikasusulong ng ebanghelyo.

# QUESTION 1

1. Sa 2 Cor. 5:18-21, laging binabanggit ni Pablo ang salitang "mag-kasundo" o "pagkakasundo". Karaniwang ginagamit ang salita kapag may dalawang taong may alitan ay nagawang ayusin ang kanilang hindi pagkakasundo, sa gayon ay naibabalik ang relasyon o ugnayan. Batay sa teksto, ano ang nagpahiwalay sa atin mula sa Diyos at ang dahilan para kailanganin ang muling pagkakasundo? Paano tayo muling napagkasundo ng Diyos sa Kanya?

**Mateo 28:16-20; 2 Corinto 5:14-21**

# PAGTUKLAS

# QUESTION 2

Ano ang ating papel/ginagampanan sa gawain ng Diyos na pagkakasundo (2 Cor. 5:20)?

**Mateo 28:16-20; 2 Corinto 5:14-21**

# PAGTUKLAS

QUESTION 3

## Ano ang itinalaga sa atin na gawin?

**Mateo 28:16-20; 2 Corinto 5:14-21**

# PAGTUKLAS

# QUESTION 1

## Ano ang ibig sabihin ng pagiging kinatawan ni Kristo?

**Mateo 28:16-20; 2 Corinto 5:14-21**

# PAG-UNAWA

# QUESTION 2


Ano ang ibig sabihin ng "gawin ninyong tagasunod Ko ang lahat ng mga bansa"? Lahat ba ng Kristiyano ay dapat maging "cross-cultural missionaries"? Kung hindi, paano natin isasagawa ang misyon?

Mateo 28:16-20; 2 Corinto 5:14-21

# PAG-UNAWA

# QUESTION 1

Kamusta kayo bilang kinatawan ni Kristo? Kayo ba'y masigasig tungkol dito, nalilibang sa iba, nagwawalang bahala, o napipilitan lang? Anong pakiramdam ninyo kapag may nahaharap sa inyong pagkakataong maibabahagi ninyo si Kristo o makapagdisipulo ng iba?




Mateo 28:16-20; 2 Corinto 5:14-21

## PAGTUGON

# QUESTION 2

Ginagamit mo ba ang iyong panahon, mga kaloob at talentong bigay ng Diyos, at anumang mayroon ka upang maisagawa ang misyon Niya? Kung hindi pa, mag-isip ng kongkreto o aktuwal na hakbang na maaari mong sundin upang magawa ito. Kung nagagamit mo na upang gawin ang misyon, paano mo naman hahamunin ang iyong sarili na maging matapat ka sa pagsasagawa nito?



Mateo 28:16-20; 2 Corinto 5:14-21

## PAGTUGON

# Mateo 28:16-20; 2 Corinto 5:14-21

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Bilang isang banal na kinatawan ni Kristo, gagamitin ko ang lahat ng mayroon ako (panahon, talino, at kayamanan) para akayin ang iba kay Hesus at gawin silang tagasunod para sa ikasusulong ng ebanghelyo.



## Small Group Sessions

# PANGWAKAS NA PANALANGIN

Pagtuklas ● Pag-unawa ● Pagtugon

# BIBLE STUDY

## Mateo 28:16-20; 2 Corinto 5:14-21

SMALL GROUP SESSIONS

SEE YOU NEXT WEEK

Kamuning Bible Christian Fellowship

# KBCF

kbcf.org.ph KBCFofficial KBCFamily kbcf.office@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584